# Ano ang ACCESS for ELLs

## Ang ACCESS for ELLs ay isang pagsusuri sa kahusayan sa wikang English na sumusukat sa mga kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong wikang English.

Natukoy ang inyong anak bilang isang ELL, na nangangahulugang puwedeng turuan sa English ang inyong anak, bilang karagdagan sa pagkuha ng iba pang klase. Ang mga ELL ay kukuha ng pagsusuri sa kahusayan sa wikang English bawat taon.

Ang pagsusuri ay nakakatulong sa mga gurong maunawaan kung ang mga mag-aaral ay may mga kasanayan sa wika na kailangan nila para lubusang makalahok sa silid-aralan. Ginagamit ng mga guro ng inyong anak ang mga score sa pagsusuring ACCESS for ELLs habang nagpapasya sila kung paano pinakamahusay na tuturuan ang inyong anak.

Ang mga score sa pagsusuri ay makakatulong din sa mga guro na subaybayan ang pag-unlad ng inyong anak sa pag-aaral ng akademikong English at makakatulong sa mga paaralan na magpasya kung ano ang ibibigay na mga serbisyo ng suporta sa wikang English. Puwede ninyong gamitin ang impormasyon ng pagsusuri para gabayan ang inyong anak sa paaralan.



### ELL

Ang nag-aaral ng wikang English, o English language learner o ELL, ay isang mag-aaral na may pagkakataong tumanggap ng pagtuturo sa English, bukod pa sa pagkuha ng iba pang klase. Sinusuri ang mga ELL bawat taon para matulungan ang mga gurong maunawaan ang kanilang mga kasanayan sa wika, pero mayroon kayong karapatang tanggapin o tanggihan ang suporta sa wika.

### Kahusayan sa Wika

Ang antas ng kahusayan sa wika ay isang sukatan ng pag-usad ng mga mag-aaral sa tuloy-tuloy na proseso ng pagkatuto ng wika. Kapag narating na ng mga mag-aaral ang pinakamataas na antas ng kahusayan sa wika, hindi na nila kailangan ng mga serbisyo ng suporta sa wika.

WIDA™

Matatagpuan ang WIDA sa loob ng Wisconsin Center for Education Research sa University of Wisconsin-Madison.
© 2020 Ang Lupon ng Mga Rehente ng University of Wisconsin System, sa ngalan ng WIDA

## Mga Pagtatasang ACCESS for ELLs



- Available ang ACCESS for ELLs sa paper-and-pencil o computer-based na format.
- Gumagamit ang Pang-kindergarten na ACCESS for ELLs ng mga kwento at aktibidad para mapanatiling nakatutok ang mga nag-aaral na bata.
- Ang Alternatibong ACCESS for ELLs ay isang pagsusuring puwedeng piliin ng mga support team na gamitin para sa mga mag-aaral na may pinakamatitinding cognitive na kapansanan. Nag-aalok ito ng karagdagang suporta at nagbibigay sa mga mag-aaral ng maraming pagkakataon para sagutan ang mga item sa pagsusuri.

**Kausapin ang mga guro tungkol sa mga plano sa pagsusuri ng ACCESS for ELLs sa paaralan ng inyong anak.**

Hindi kailangang mag-aral ng inyong anak para sa ACCESS for ELLs. Ang pagsusuri ay isang pagkakataon para maipakita ng mga mag-aaral ang lahat ng paraan ng kanilang pag-unawa at pagpapahayag sa English.

Maghanda para sa araw ng pagsusuri sa pamamagitan ng pagtiyak na nakakuha ng sapat na tulog at kumain ng almusal ang inyong anak.

Kausapin ang mga guro ng inyong anak kung kailan ninyo matatanggap ang mga score sa pagsusuri, paano ginagamit ng paaralan ng inyong anak ang mga score na iyon, at paano magbabago ang suporta sa wika habang natututo ng wikang English ng inyong anak.

---

## Mga puwede ninyong itanong

- Kailan kukuha ang aking anak ng ACCESS for ELLs?
- Kailan ko matatanggap ang mga score sa pagsusuring ACCESS for ELLs ng aking anak?
- Paano ginagamit ang mga score sa pagsusuri para matulungan ang aking anak na humusay sa pag-aaral ng akademikong English?
- Paano kayo nagpapasya kung kailan hihinto sa pagtanggap ng suporta sa wika ang aking anak?



Matatagpuan ang WIDA sa loob ng Wisconsin Center for Education Research sa University of Wisconsin-Madison.
© 2020 Ang Lupon ng Mga Rehente ng University of Wisconsin System, sa ngalan ng WIDA